

Taon XXXIV Blg. 19 Nobyembre 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Labanan ang kontra-mamamayang maniobrahan ng mga reaksyunaryo

alang hangganan ang traydoran at kutsabahan ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri habang nagmamaniobrahan at nagpapaligsahan sila para sa pampulitikang poder at pandarambong sa bayan. Habang lulong sila sa pagpapagulong ng kanilang maruruming laro sa reaksyunaryong pulitika, nasasaksihan ng buong bansa kung paano nila ikutan at baluktutin ang reaksyunaryong

batas upang isulong ang kani-kanilang makikitid na interes. Nasisilip na rin ng mamamayan kung gaano karumi at karahas ang kalalabasan ng eleksyon sa 2004, kung matuloy man ito.

Ang kasalukuyang mainit na isyu kaugnay ng impeachment kay Hilario Davide Jr., chief justice ng Korte Suprema ay paimbabaw lamang na manipestasyon ng mas matinding maniobrahan, bangayan at kutsabahan ng iba't ibang paksyon sa naghaharing uri. Anuman ang merito ng kasong kinakaharap ni Davide, sa likuran nito ay malinaw na makikita na ang nagbabanggaang mga grupo na kampi o laban sa mahistrado ay kumakatawan sa malalaking pampulitika at pangekonomyang interes.

Ang numero unong nagmaniobra upang kasuhan si Davide ay si Eduardo "Danding" Cojuangco Jr. na pumapel bilang isa sa mga tagapagluklok at prinsipal na kroni ng mga nakaraang presidente. Ang nakataya ngayon: ang pangangalaga at pagpapalawak pa ng kanyang imperyo at kapangyarihan sa reaksyunaryong pulitika.

Nais matiyak ni Cojuangco na mababawi ang hatol ng Korte Suprema na pondong publiko ang coco levy na malaon na niyang inaangkin. Kaugnay nito, mahahawan din ang daan sa pag-angkin niya sa 27% sapi ng United Coconut Planters Bank sa San Miguel Corporation (SMC) na binili sa pamamagitan ng na-



Mga tampok sa isyung ito...

Bagsak ang grado ng ekonomya ng Pilipinas PAHINA 3

38 armas nasamsam ng BHB sa mga TO PAHINA 4 Naglalagablab ang Daba-Daba sa Panay PAHINA 6 Commission on Good Government noong 1986 na sekwesterin ang 20% ng mga sapi sa SMC na malaon na rin niyang inaangkin.

Ang lahat ng ito ay pagpapakitang-gilas din ni Cojuangco para sa eleksyong 2004. Nakakuha siya ng sapat na bilang ng mga pumirma sa impeachment kay Davide sa pamamagitan ng kanyang mga galamay sa Kongreso. Nagawa niya rin ito sa pamamagitan ng kooperasyon ni Arroyo at ng pagiging nyutral umano niva sa katwirang ang pangulo ay "tagapamagitan." Nangingibabaw naman ang kahayukan ni Arroyo sa pinansyal at pampulitikang suportang pangako ni Cojuangco para sa 2004, gayong wala pang binibitiwang salita si Cojuangco tungkol sa posibilidad ng pagkandidato niya mismo o pagsuporta sa kandidato ng oposisyon. Panay ang pagsakay ni Arroyo sa maruruming iskema ni Cojuangco. Sa kabilang banda, pinatampok at pinalubha lamang ng pakanang ito ni Cojuangco ang kahinaan ni Arroyo.

Ngayon pa lamang ay nagbubunga na ng malalaking bitak sa naghaharing sistema ang ganitong mga maniobrahan. Ang nagbabanggaang kampo ay naglalabanan sa pag-angkin ng pribilehiyo at pagkakataong maging pangunahing papet ng imperyalismo, at lumahok sa pandarambong at pagsasaid sa kabang-yaman ng bansa, pagpapatindi ng pagsasamantala at pang-aapi sa mamamayan at pagkabig ng maksimum na ganansya mula sa mga ito. Tiyak na mas titindi pa ang mga banggaan habang papalapit ang reaksyunaryong eleksyon.

Napakainam ng kalagayan para samantalahin ng mga progresibo at demokratikong pwersa. Ang kasong impeachment ni Davide ay ibayong nagpapatingkad sa talamak na korapsyon sa pinag-aagawan nilang lahat na reaksyunaryong gubyerno at sa kahayukan kapwa ng naghaharing pangkating Arroyo at ng kampo ng malaking burgeskumprador na si Cojuangco. Walang pagpipilian ang sambayanan kundi sila o mga sugo nila. Lalong lumilinaw ang kainutilan ng reaksyunaryong eleksyon para pawiin ang kabulukang tumagos na sa kaibuturan ng umiiral na sistema.

Sa partikular, nakapagngangalit lalo ang pagmamaniobra at kutsabahan nina Arroyo at Cojuangco para ipagkait ang pondong ilang taong hinuthot mula sa milyun-milyong maralitang magniniyog at nararapat na maibalik sa mga ito. Mahalagang kumilos ang mga maralitang magniniyog, mga manggagawa sa malawak na empresa ni Cojuangco at iba't iba pang sektor sa hanay ng mamamayan upang kundenahin ang mga maniobrahan at kutsabahan nina Gloria at Danding at igiit ang pagbabalik ng pondong coco levy sa mga tunay na nagmamay-ari nito.

Kailangang gamitin ang lahat ng paraan at pagkakataon upang maipagbigay-alam at maipaliwanag sa pinakamalawak na hanay ng mamamayan ang matitingkad na kaso ng korapsyon, maniobrahan at kutsabahan laban sa interes ng mamamayan, di lamang yaong mga nauungkat ngayon kundi yaong mga dati nang nabubunyag at hindi pa nabibigyan ng katarungan. Sa proseso ay mas marami pang kaso ang malalantad.

Kailangang mapanlikhang mapakilos ang pinakamaraming bilang ng mamamayan sa iba't ibang porma ng mga aksyong masa laban sa korapsyon at mga pakana ng pinakamalalaking reaksyunaryo. Bukod sa masang anakpawis, kabataan at estudyante, mahalagang makabig ang mga tao at organisasyon ng simbahan, maliliit na negosyante, mga guro at kawani sa gubyerno, maging ang mga positibong elemento sa AFP at maipaloob sila sa malawak na nagkakaisang prente.

Sa proseso ng paglalantad at pagbatikos ng maniobrahan, maruruming taktika, at kutsabahan ng malalaking reaksyunaryo laban sa mamamayan, maipapamalas natin ang bulok, reaksyunaryo at antimamamayan na kaibuturan ng naghaharing gubyerno at sistema, at kung bakit kailangan itong ibagsak at palitan ng isang dalisay, rebolusyonaryo at makamasang gubyerno at sistema.

### ang Bayan

Taon XXXIV Blg. 19 Nobyembre 7, 2003

Ang Ang Bayan ay inilalabas sa wikang Pilipino, Bisaya, Iloko, Hiligaynon, Waray at Ingles.

Maaari itong i-download mula sa Philippine Revolution Web Central na matatagpuan sa:

www.philippinerevolution.org
Tumatanggap ang Ang Bayan ng
mga kontribusyon sa anyo ng mga
artikulo at balita. Hinihikayat din ang
mga mambabasa na magpaabot ng
mga puna at rekomendasyon sa ikauunlad ng ating pahayagan. Maaabot
kami sa pamamagitan ng email sa:
angbayan@yahoo.com

#### Nilalaman

Editoryal	
Labanan ang maniobrahan ng mga reaksyunaryo	1
Negatibong pagtaya ng US sa	_
ekonomya ng Pilipinas	3
Matatagumapay na TO	4
Hacienda Luisita, niyayanig	
ng protesta	5
Mga ulat koresponsal	
Naglalagablab ang <i>Daba-Daba</i>	6
Sa ibayong dagat	
Mga atakeng Iraqi sa mga tropa	
ng US, tumitindi	7
Balita	8

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses bawat buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

### Gubyernong US, negatibo ang pagtaya sa ekonomya ng Pilipinas

atatlong araw lamang pagkatapos ng pagbisita sa Pilipinas ni Pres. George W. Bush ng US, naglabas ang State Department ng US ng negatibong pagtaya sa ekonomya ng Pilipinas. Tanda ito ng lalim ng krisis sa ekonomya na hindi maitanggi maging ng imperyalismong US, mababaw man ang pagsusuri nito sa naturang krisis. Palatandaan din ito ng pagnanais ng US na itulak ang ibayo pang liberalisasyon ng ekonomya.

Ayon sa *Philippine Economic Outlook* na regular na inilalabas ng embahada ng US tuwing kalahating taon, mababa ang posibilidad na magkaroon ng signipikanteng paglago ang ekonomya sa 2004.

Bukod sa kahinaan ng gubyerno sa pagpapalitaw ng rekurso at sa mabigat na pasaning utang, anito, nagpapatuloy ang pangamba ng mga potensyal na dayuhang mamumuhunan, turista at iba pa tungkol sa mataas na tantos ng krimen, kakulangan ng imprastruktura at korapsyon. Wala rin daw gaanong nagawa si Macapagal-Arroyo para ibsan ang kahirapan o labanan ang korapsyon.

Bukod sa kudeta noong Hulyo, kabilang sa mga tinukoy na salik na nakapagdudulot ng kawalang-katiyakan at kumukubabaw sa anumang "pag-unlad" na natamo ng ekonomya ang mga kasong korapsyon laban kay First Gentleman Jose Miguel "Mike" Arroyo.

Gayunman, ang mga dahilang ito ay pawang mababaw at hindi

tumutukoy sa pinakamalaking salik sa likod ng krisis. Katunayan, and patuloy na pagsasamantala ng imperyalismong US sa atrasadong ekonomya ng Pilipinas ang pinakamalaking dahilan kung bakit dumaranas ang Pilipinas ng permanenteng krisis.

Ayon mismo sa datos na nakasad rito, walang inaasahang paglago sa ekonomya sa 2004 dahil ang 6.6% lamang na paglaki ng pambansang


badyet tungong P864.8 bilyon ay papawiin kapwa ng 4-5% implasyon at ng 2.36% paglaki ng populasyon.

Hindi na rin magkandatuto rito ang rehimeng Arroyo dahil kung palalakihin pa ang badyet ay lalo pang lolobo ang depisit na umabot na sa P29.1 bilyon para sa buwan ng Setyembre. Ito na ang pinakamataas na inabot nito mula noong Marso. Lampas sa target nang humigit-kumulang P10 bilyon bawat buwan ang gastos ng gubyerno noong Agosto at Setyembre.

Tulad ng inaasahan, inireklamo ng rehimeng Arroyo ang pagtaya ng US embassy—kaya binawi ito makalipas ang dalawang araw at naglabas ng nirebisang dokumento ang embahada. Binawasan ng bagong bersyon ng *Philippine Economic Outlook* ang negatibong mga kongklusyon sa unang dokumento. Subalit dahil walang pagbabago sa datos na inilahad nito, nananatili ang batayan ng dating pagtaya.

Samantala, sa isang hiwalay na ulat, sinabi ng US at AFP na walang kakayahan ang AFP para epektibong labanan ang mga "internal na bantang panseguridad" ng bansa. Ayon sa Joint Defense Assessment na binuo ng US Pacific Command at AFP, limitado ang kapasidad ng AFP na maglunsad ng napapanahon at epektibong mga operasyong militar. Sinabi rin nitong "buhaghag at hindi gumagana" ang organisasyon ng AFP.

Gamit ang ulat na ito, agad na inirekomenda ng tutang rehimeng Arroyo na ituloy na ang naunsyaming Balikatan 03-1 sa Sulu. Iniatras ang pagsasanay militar noong maagang bahagi ng taon dulot ng malawakang protesta sa paggigiit ng US na sumama ang mga sundalong Amerikano sa mga operasyong pangkombat ng AFP. Ito rin ang ginagamit na batayan ng imperyalismong US upang magbigay ng karagdagang ayudang militar sa AFP.



ANG BAYAN Nobyembre 7, 2003

## 38 armas nasamsam ng BHB sa mga taktikal na opensiba

atlumpu't walong armas na iba't ibang kalibre ang nasamsam ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa serye ng mga taktikal na opensiba nitong huling linggo ng Oktubre. Labindalawang pwersa ng kaaway ang napatay at di bababa sa tatlo ang nasugatan.

Sa Northern Samar. Sampung malalakas na riple at siyam na pistola ang nadagdag sa arsenal ng BHB nang salakayin ng mga Pulang mandirigma nitong Oktubre 24 ang himpilan ng pulisya sa bayan ng Gamay.

Sakay ng walong pampasaherong dyip, nilusob ng mga Pulang mandirigma bandang alas-6:30 ng umaga ang munisipyo ng Gamay, sa hilagang-silangang bahagi ng prubinsya. Habang nakikipagbarilan ang pwersang pang-assault ng BHB sa apat na pulis sa hedkwarters, pinasok ng ibang gerilya ang mga bahay ng dalawang pulis na malapit sa munisipyo.

Isang pulis ang nasugatan. Walang tinamong pinsala ang mga Pulang mandirigma.

**Sa Isabela.** Napatay ang pitong tropa ng pinagsanib na pwersa ng 53rd Reconnaissance Company (RC) at ng 45th IB nang ambusin ang mga ito habang tumatawid ng ilog sa Sityo Kurawitan, Barangay Binatug, San Mariano noong umaga ng Oktubre 25.

Ayon sa pahayag ni Victor Servidores, tagapagpahayag ng Fortunato Camus Command (FCC) ng BHB-Hilagang Silangang Luzon, di rin bababa sa pito ang nasugatan sa ambus na tumagal nang humigit-kumulang limang oras. Ta-

liwas sa pahayag ng 5th ID na anim na gerilya ang napatay, walang kaswalti sa hanay ng BHB.


Sa Bulacan. Tatlong pulis ang napatay at sampung armas ang naagaw sa matagumpay na reyd ng BHB sa detatsment ng Maritime Command ng Philippine National Police (PNP) sa Barangay Poblacion, Hagonoy, Bulacan noong gabing Oktubre 30.


Pagkababa sa sinasakyang van, mabilisang pinasok ng mga Pulang mandirigma ang himpilan, na malapit sa munisipal na istasyon ng pulisya. Makaraan ang sampung minutong putukan, napatay ang tatlong pulis at nasugatan ang isa. Umatras ang BHB sakay ng dalawang bangkang de-motor na nakadaong sa ilog sa likuran ng detatsment.

Walong M16, isang .45 at isang .38 ang nasamsam ng BHB. Ayon sa pahayag ng Komiteng Larangang Gerilya sa Kanlurang Bulakan-Pampanga, pinarusahan ang PNP Maritime Command dahil protektor ito ng malalaking negosyante sa pangisdaan at kinokotongan nito ang maliliit na mangingisda.

Sa Zamboanga del Sur. Dalawang elemento ng CAFGU ang napatay at nasugatan ang isang sarhento nang salakayin ng mga Pulang mandirigma ang detatsment ng 51st IB sa Barangay Fatima, San Miquel noong madaling araw ng Oktubre 27. Sinunog muna ng BHB ang kampo bago umatras dala ang nakumpiskang tatlong malalakas na riple.

Sa Tarlac. Isang M16, isang M14, isang 9 mm at isang .38 ang nasamsam ng mga mandirigma ng Nelson Mesina Command ng BHB nang lusubin nila ang detatsment ng PNP sa Barangay Lubigan, bayan ng San Jose noong Oktubre 26. Dumating ang mga gerilya sakay ng tatlong dump truck ng Provincial Engineers' Office.





## Hacienda Luisita, niyayanig ng protesta

ahigit 300 manggagawang bukid mula sa Hacienda Luisita sa Tarlac ang nagpiket sa harap ng Department of Agrarian Reform sa Quezon City mula nitong Oktubre 28 upang igiit ang pagbasura sa stock distribution option (SDO) sa ilalim ng iskemang non-land transfer ng Comprehensive Agrarian Reform Program (CARP). Pinangungunahan ang pagkilos ng Alyansa ng mga Manggagawang-Bukid sa Hacienda Luisita (AMBALA).

Ang SDO ay isang iskemang niluto ng rehimeng Aquino noong 1987. Layunin dito ni Pres. Corazon Cojuangco Aquino na ilibre ang 6,453-ektaryang Hacienda Luisita, na pag-aari ng kanyang pamilya, sa pamamahagi ng lupa sa ilalim ng CARP. Sa halip na lupa ang ipamahagi sa mga manggagawang bukid, ipinamahagi sa ilalim ng iskemang SDO ang mga sapi ng korporasyon sa mga manggagawang bukid na mapanlinlang na itinuring na kabilang sa mga may-ari ng asyenda.

Sa pamamagitan ng mga dagdag na maniobra, lalo lamang pinahihigpit ng SDO ang monopolyo at kontrol ng mga Cojuangco sa mala-

wak na lupaing malaon nang sinasaka ng mga ninuno ng mga manggagawang bukid. Ayon kay Ben Pampoza, tagapangulo ng AMBALA, nakasaad sa kasunduan hinggil sa mga sapi sa asyenda na ibibigay ang P118-milyon sapi sa mga benepisyaryo taun-taon sa loob ng 30 taon. Subalit aniya, ang halagang ito ay 33.29% lamang ng kabuuang pag-aari ng Hacienda Luisita, Inc. (HLI). Ibiq sabihin, hawak pa rin ng mga Cojuangco ang 66.7% ng mga sapi at ang absolutong kontrol sa mga corporate farm. Ang 33.29% ng sapi na para umano sa mga manggagawang bukid ay katumbas lamang ng 1,633

ektarya mula sa kabuuang 6,431 ektarya ng asyenda.

Bukod rito, ang mga dibidendo na ipinamamahagi umano sa mga manggagawang bukid ay nakabatay sa mga araw na itinrabaho nila sa mga sakahan at hindi sa kabuuang tubo ng korporasyon. Mula sa pagkwentang ito, P200 lamang bawat taon ang natatanggap ng mga api at pinagsasamantalahang manggagawang bukid.

Noong nakaraang buwan, binovkot ng AMBALA, mga regular na manggagawa at superbisor sa Central Azucarera de Tarlac (CAT) at ng mga manggagawang bukid ang eleksyon para sa mga representante sa board of directors ng HLI. Dahil sa boykot, 15.77% lamang ng 55.418 milyong sapi ng 6,296 manggagawang bukid na umano'y benepisyaryo ng SDO ang nagamit sa botohan. Ayon kay Pampoza, sinalamin ng resulta ng eleksyon ang sentimyento ng mga manggagawang bukid sa asyenda. Aniya, habang nabubuhay sa luho ang pamilyang Cojuangco, ang mga pamilya naman ng mga manggagawang bukid ay dumaranas ng labis na kahirapan.

Bukod sa HLI at CAT, kabilang sa mga kumpanyang pinagkukunan ng milyun-milyong pisong kita ng mga Cojuangco ang Tarlac Development Corp.; Jose Cojuangco & Sons, Inc.; Luisita Marketing Corp. at Tarlac Distillery Corp.

Ang asyendang ipinagmayabang ng dating pangulong Aquino bilang modelo ng kanyang CARP sa halip ay naging modelo ng malawakan at walang kahiya-hiyang pagpapasasa sa lupaing dapat ay pinakikinabangan ng mga manggagawang bukid. Wasto lamang na ibayong patatagin ng mga manggagawang bukid mula sa Hacienda Luisita ang kanilang hanay upang ibayong maisulong ang kanilang laban para sa tunay na reporma sa lupa.

### Naglalagablab ang Daba-daba sa Panay

sa sa mga pangunahing pinagtutuunan ngayon ng pansin ng Partido sa gawaing propaganda sa Panay ang episyente at malawakang pag-L paparami at pamamahagi ng Ang Bayan (AB) bilang pahayagan ng Partido at ng Daba-Daba bilang rebolusyonaryong pahayagang masa sa

Unang nalathala bilang rebolusyonaryong pahayagang masa sa Northern Panay noong Pebrero 1977, ang Daba-Daba ay ginawang panrehiyong pahayagan noong Hunyo 1981. Mula noon, malalim na umuqat ang Daba-

Daba sa masa sa isla ng Panay bilang publikasyong naqdadala paninindigan at mga panawagan ng rebolusyonaryong kilusan sa maraming isyu.

Lubos na tinangkilik ng masa ang *Daba-Daba*. Tuwing dumarating ang kanilang kopya, nakahanda na ang nakalaang kontribusyon para sa publikasyon. Naging pangunahing pinagkukunan din ito ng mga balita at impormasyon tungkol sa mga tampok na mga pangyayari at usapin sa bansa at rehiyon at tungkol sa pag-unlad ng rebolusyonaryong kilusan sa kalunsuran at kanayunan.

Kasabay nito, patuloy na isinasalin, pinararami at ipinamamahaqi ang AB sa rehiyon.

Dahil sa impluwensya ng maling linya noong dekada 1980, dumalang ang paglalabas ng Daba-Daba hanggang tumigil ito noong 1987. Muli itong inilathala noong Pebrero 1998, bilang isa sa mga ibinunga sa rehiyon ng Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto ng Partido.

Sinimulang ilathala ang Daba-Daba tuwing tatlong buwan nang may 12 hanggang 16 pahina. Naglalabas din ito ng mga espesyal na

isyu na may apat hanggang anim na pahina na naglalaman ng mga pagsusuri at mga panawagan kaugnay ng maiinit na isyu.

Ngayong taon, alinsunod sa direktiba ng pambansang liderato ng Partido ukol sa mas madalas na paglalabas ng AB, nagpasya ang panrehiyong liderato ng Partido na bigyang prayoridad ang pagpapara-

> mi at pamamahaqi nito bilang pangunahing pahayagang ipinamamahagi sa rehiyon.

Kaalinsabay nito, pinagpasyahang ilabas ang Daba-Daba bilang rehiyunal na seksyon ng AB. Sa gayon, iniuulat ng Daba-Daba ang mga panawagan at paninindigan ng rebolusyonaryong kilusan tungkol sa mga isyung lokal. Inilalat-

hala rin nito ang mga balita tungkol sa kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan ng Panay na hindi sinaklaw ng pagbabalita sa AB.

Inilalathala ngayon ang Daba-Daba batay sa pangangailangan ng rehiyon na pinagpapasyahan ng panrehiyong pamunuan ng Partido. Sa kasalukuyan, dalawang beses na itong nakapagpalabas ng lima hanggang anim na pahinang isyu (Marso 7 at Agosto 21) na nakalakip sa mga regular na isyu ng AB.

May probisyong maaaring panapanahong maglabas ng mga espesyal na isyu. Tinatanaw pa rin ang paglalabas nito nang hiwalay sa AB batay sa pangangailangan at kakavahan.

Pinanatili ang masthead o simbolo ng Daba-Daba upang bigyan ng pagtatangi ang identidad nito bilang panrehiyong pahayagang masa.


Pinanatili rin ang komiks na "Caduy", isang regular na seksyon ng Daba-Daba na popular sa mga mambabasa. "Caduy" ang karaniwang palayaw sa mga batang lalaking taga-Antique.

Sa ganitong kaayusan, napagiisa, nagagawang mas simple at namamaksimisa ang makinarya, mga rekurso at mga pamamaraan ng rebolusyonaryong kilusan sa pagpaparami at pamamahagi ng mga publikasyon ng Partido at ng mga panrehiyong pahayagang masa. Higit nang naitutuon ng istap ng Daba-Daba ang kanilang pansin sa mga panrehiyong usapin at naipapartikularisa sa kalagayang panrehiyon ang pagsusuri sa mga pambansang isyu na lumalabas sa AB.

Nakakatulong din ang pagsisikap ng patnugutan ng AB sa pagdadala ng mga panrehiyong isyu at mga balita sa paraan ng mga koresponsal.

Gayunpaman, may mga suliranin at usaping kinakailangang pagtuunan ng pansin. Isa rito ang pagpapadalas ng paglabas ng Daba-Daba upang mas matugunan ang bumibilis na kumpas ng rebolusyonaryong gawain at ang umiigting na kontra-rebolusyonaryong propaganda ng kaaway sa rehiyon.

Kailangan ding pahigpitin ang koordinasyon ng mga patnugutan ng AB at Daba-Daba at bigyan ng partikular na pansin ang nilalaman ng dalawang pahayagan laluna ang mga balita mula sa rehiyon.



### Mga atake ng mga gerilyang Iraqi sa mga pwersa ng US, tumitindi

umataas ang antas ng paglaban ng mamamayang Iraqi habang patuloy na nahihirapan ang US na makakuha ng signipikanteng multilateral na suporta para sa okupasyon nito ng Iraq. Nitong Nobyembre 2, labing-anim na tropang Amerikano ang napatay nang tamaan ng surface-to-air missile ang sinasakyan nilang Chinook na helikopter sa nayon ng Albu-Isa sa bayan ng Baisa sa Fallujah, Iraq. Tatlo pang Amerikano (isang sundalo at dalawang sibilyang kontratista ng US Army Engineering Corps) ang napatay noong umaga ring iyon sa Baghdad nang pasabugan ng bomba ang kanilang sasakyan.

Nasaksihan ng mga sumaklolong tropang Amerikano ang pagbubunyi ng mamamayan sa Albu-Isa sa pagbagsak ng helikopter at pagkamatay ng sakay nitong mga tropa. Nagsisisigaw sila na mga "baboy na Amerikano" ang mga namatay na dayuhang tropa.

Pangalawang pinakamatinding atake ito laban sa mga pwersang okupasyon na pinamumunuan ng US mula nang salakayin nito ang Irag. Umaabot na sa 139 sundalong Amerikano ang namatay mula nang ideklara ng US na tapos na ang gera. May abereyds na dalawang kabaong ang iniuuwi sa US arawaraw.

Bago ito, umabot sa 43 sundalo ang napatay at mahigit 200 ang nasugatan bunga ng serye ng pambobomba ng mga pwersang gerilya noong Oktubre 27 laban sa pwersang koalisyon at mga papet nito. Sa loob ng 45 minuto, limang bomba ang sunod-sunod na pinaputok sa

Baghdad at Fallujah. Winasak nito ang mga upisina ng International Committee of the Red Cross (ICRC) at apat na himpilan ng pulisya.

Naganap ang pagpapasabog isang araw makaraang paulanan ng mga *rocket* ang Rashid Hotel na tinutuluyan ni US Deputy Defense Sec. Paul Wolfowitz. Bagamat nakaligtas siya sa mga atakeng ito, napatay ang isang mataas na upisyal militar ng US.

Ang pinakahuling mga atakeng ito ay tanda ng tumataas na antas ng kakayahan at koordinasyon ng mga pwersang Iraqi na lumalaban sa okupasyon.

Sa kabilang banda, bukod sa \$87.5 bilyong badyet na inaprubahan ng Senado ng US para tustusan ang mga tropang okupasyon ng US sa Afghanistan at Iraq, wala nang ibang makuhang makabuluhang suporta ang US, laluna mula sa France at Germany. Bigo ang inorganisa ng US na kumperensya para mangalap ng pinansyal na suporta para sa "rekonstruksyon ng Iraq" sa Madrid, Spain nitong Oktubre 24.

Lumalakas din ang pagtutol sa okupasyon di lamang sa labas kundi sa US mismo. Noong Oktubre 25, mahiqit 100,000 katao ang naglunsad ng mga kilos protesta sa Washington, D.C. Pinakamalaking demonstrasyon ito laban sa panggegera ng US mula nang ideklara ni Bush na tapos na ang mayor na kumprontasyon sa Iraq. Ang mga nagpoprotesta ay nagmula sa 145 lunsod, kabilang ang 800 pamilya ng mga sundalong Amerikanong nakapakat sa Middle East. Samantala, may 25,000 katao ang nagmartsa sa plasa sa harap ng City Hall ng San Francisco, California.

Pinamunuan ang mga kilos protestang ito ng United for Peace and Justice at International ANSWER (Act Now to Stop War and End Racism).



### Panggegera ng gubyerno sa Mindanao, ipinatitigil ng mga lumad

NANAWAGAN ang mga lumad sa gubyernong Arroyo na tigilan na ang panggegera sa Mindanao. Humigit-kumulang 80,000 na mula sa hanay nila ang naging biktima ng gera nitong taon. Ipinahayag nila ito sa isang porum sa Kidapawan City sa pagtatapos ng paggunita sa Tribal Filipino Month noong huling linggo ng Oktubre.

Mahigit 20 organisasyon ng

mamamayan ang lumahok sa okasyon. Binatikos ng mga dumalo ang gubyerno dahil bingi ito sa kanilang mga hinaing.

Ayon kay Minda Acat, isang lider ng mga lumad, sila ang pangunahing napinsala ng "gera laban sa terorismo" sa Mindanao. Nawalan ng tirahan ang malaking bilang ng mga lumad at nasira ang kanilang mga taniman at produkto.

#### Gabriela, nagmartsa laban sa plano ni Arroyo sa 2004

NAGLUNSAD ng Pambansang Araw ng Protesta ng Kababaihan ang daan-daang myembro ng Gabriela noong Oktubre 28. Nagmartsa mula Mabuhay Rotonda hanggang Mendiola ang kababaihan mula sa hanay ng manggagawa, magsasaka, kabataan at iba pang sektor para ipahayag ang kanilang pagtutol sa pananatili ni Pres. Gloria Arroyo sa poder lampas sa 2004.

Bago ito, idinaos ng Gabriela ang ika-9 na kongreso at ipinag-diwang ang ika-20 anibersaryo ng organisasyon. Pinarangalan din nila ang matatapang na kababaihang lumaban sa diktadurang Marcos.

#### 7 patay sa epidemya ng kolera sa Tondo

PITONG residente na ng Tondo, Maynila ang namatay at 576 ang naospital dahil sa epidemya ng kolera na nananalanta sa 11 barangay sa lugar mula pa noong Oktubre 23.

Naghuhugas ngayon ng kamay ang Maynilad Water Services Inc. at ang gubyerno ng Maynila sa responsibilidad nila sa bulok na serbisyo sa tubig na naging sanhi ng epidemya. Sa kabila ng mataas na singil sa tubig, naglipana ang mga tubong luma at may mga tagas, na madaling pasukin ng mikrobyo. Marumi rin ang kapaligiran dahil sa gabundok na basurang hindi hinahakot ng lokal na gubyerno.

### Upisyal ng VFA Commission, sinibak

SINIBAK ni Pres. Arroyo sa pwesto si Usec. Amado Valdez, executive director ng Presidential Commission on the Visiting Forces Agreement kamakailan dahil patuloy niyang iginigiit na patawan ng aksyong pandisiplina ang tatlong sundalong Amerikanong nasangkot sa isang aksidente sa trapiko sa

Zamboanga City noong Setyembre dahil sa kalasingan.

Ito ang ipinahayag ni Valdez sa mga mamamahayag noong Oktubre 28. Isa pang dahilan ay ang paninindigan ni Valdez sa mga karapatan ng bansa sa implementasyon ng Visiting Forces Agreement.

#### Pagdalaw ni Bush sa Asia, umani ng mga protesta

TALIWAS sa pakay niyang kumuha ng lubos na suporta sa kanyang "gera laban sa terorismo," umani si Pres. George W. Bush ng matitinding protesta sa mabilisan niyang pagdalaw sa anim na bansa ng Asia.

Thailand. Kagaya ng mga nangyari sa pagbisita niya sa Japan at Pilipinas, sinalubong si Bush ng mga batikos ng mga aktibistang Thai sa pagdalo niya sa Asia-Pacific Economic Cooperation (APEC) Summit noong Oktubre 19-21 sa Bangkok, kabisera ng bansa. Humigit-kumulang 1,000 katao ang nagmartsa sa mga kalsada upang ipabatid ang kanilang pagtutol sa pagsakop ng mga pwersang Amerikano sa Afghanistan at Iraq at sa qlobalisasyon. Samantala, may mga 3,000 demonstrador mula sa mga prubinsya ng Thailand ang pinigil ng pulisya na makapasok sa Bangkok.

Indonesia. Noong bisperas ng pagbisita ni Bush sa bansa noong Oktubre 21, daan-daang kasapi ng KAMMI o Indonesian Muslim Students Action Front ang nagrali sa labas ng US embassy sa Jakarta. Sinunog nila ang mga larawan at effigy ni Bush at mga bandila ng Amerika. Nagkaroon din ng mga kilos protesta sa mga bayan ng Yogyakarta, Bali, Jember, Palembang, Makassar, Sola at Semarang.

Australia. Dalawang beses na nagambala ang pagtatalumpati ni Bush sa parlamento nang kantyawan siya nina Sen. Kerry Nettle at isa pang kasapi ng parlamento. Sumigaw sila ng mga islogan laban sa gera ng US sa Iraq. Samantala, hindi napigilan ng mga pulis ang paglulunsad ng protesta ng humigit-kumulang 2,000 katao sa labas ng parlamento.



Taon XXXIV Blg. 19 Nobyembre 7, 2003 www.philippinerevolution.org

Editoryal

# Labanan ang kontra-mamamayang maniobrahan ng mga reaksyunaryo

alang hangganan ang traydoran at kutsabahan ng iba't ibang paksyon ng naghaharing uri habang nagmamaniobrahan at nagpapaligsahan sila para sa pampulitikang poder at pandarambong sa bayan. Habang lulong sila sa pagpapagulong ng kanilang maruruming laro sa reaksyunaryong pulitika, nasasaksihan ng buong bansa kung paano nila ikutan at baluktutin ang reaksyunaryong

batas upang isulong ang kani-kanilang makikitid na interes. Nasisilip na rin ng mamamayan kung gaano karumi at karahas ang kalalabasan ng eleksyon sa 2004, kung matuloy man ito.

Ang kasalukuyang mainit na isyu kaugnay ng impeachment kay Hilario Davide Jr., chief justice ng Korte Suprema ay paimbabaw lamang na manipestasyon ng mas matinding maniobrahan, bangayan at kutsabahan ng iba't ibang paksyon sa naghaharing uri. Anuman ang merito ng kasong kinakaharap ni Davide, sa likuran nito ay malinaw na makikita na ang nagbabanggaang mga grupo na kampi o laban sa mahistrado ay kumakatawan sa malalaking pampulitika at pangekonomyang interes.

Ang numero unong nagmaniobra upang kasuhan si Davide ay si Eduardo "Danding" Cojuangco Jr. na pumapel bilang isa sa mga tagapagluklok at prinsipal na kroni ng mga nakaraang presidente. Ang nakataya ngayon: ang pangangalaga at pagpapalawak pa ng kanyang imperyo at kapangyarihan sa reaksyunaryong pulitika.

Nais matiyak ni Cojuangco na mababawi ang hatol ng Korte Suprema na pondong publiko ang *coco levy* na malaon na niyang inaangkin. Kaugnay nito, mahahawan din ang daan sa pag-angkin niya sa 27% sapi ng United Coconut Planters Bank sa San Miguel Corporation (SMC) na binili sa pamamagitan ng na-



Mga tampok sa isyung ito...

Bagsak ang grado ng ekonomya ng Pilipinas PAHINA 3

38 armas nasamsam ng BHB sa mga TO PAHINA 4 Naglalagablab ang
Daba-Daba sa Panay
PAHINA 6